

FAQs

MAYROONG MGA KATANUNGAN?

Maaari kaming
maka-tulong.

PARA KANINO ANG FLEX FUND NA PANG-MALIITANG NEGOSYO?

Ang Flex Fund na Pang-maliitang Negosyo, binuo bilang kasagutan sa COVID-19, ay dinisenyo upang mai-abot ang suportang pinansiyal sa mga kamay ng mga pinaka-maliit na negosyo o mga non-profit sa Estado ng Washington. Upang maging kwalipikado na makapag-aplay, ang mga maliit na negosyo at mga non-profit na mga ito ay dapat tumatanggap sa trabaho ng 50 o mas-kaunti pang mga full-time equivalent (FTE) na mga empleyado, may kinikitang taon-taon ng mas-maliit pa sa \$3 milyon bawa't taon, at nakaranas ng direktang pang-ekonomiyang pagka-abala na nagresulta dahil sa COVID-19.

PAPAANO ITO NAIIBA SA PPP AT SA IBA PANG MGA PROGRAMANG PAG-BABAWI GAWA NG COVID-19?

Ang Flex Fund na Pang-maliitang Negosyo ay HINDI isang mapapatawad na pautang. Ang programang ito ay hindi kaugnay sa pederal na programang Paycheck Protection Program (PPP) o sa anumang ibang programa ng SBA. Kinakailangan ng humihiram na bayaran ang buong halaga ng utang na may interes na higit pa sa 5-year term.

MAAARI PA RIN BA AKONG MAG-APLAY KUNG AKO'Y NAKATANGGAP NA NG PONDONG PANTULONG GAWA NG COVID-19 PARA SA AKING MALIIT NA NEGOSYO?

Oo. Samantalang ang pondo ay linikha upang matulungan ang mga pinaka-maliit na mga negosyo at mga non-profit sa Washington na makapag-buo muli matapos ang di-pangkaraniwang krisis sa pampublikong kalusugan at sa larangan ng ekonomiya dulot ng COVID-19, ang anumang pantulong na pondo na inyong natanggap para sa inyong maliit na negosyo ay hiwalay at di ina-apekto ang inyong abilidad na mag-aplay at makatanggap ng pautang mula sa Flex Fund na Pang-maliitang Negosyo.

ANO ANG MAAARI KONG PAGGAGAMITAN SA PAUTANG?

Ang mga pautang ng Flex Fund na Pang-maliitang Negosyo ay maaaring magamit para sa buong sinasakupan na pangangailangan ng isang negosyo maging ito ay ang pasweldo, renta at mga utility, mga pag-aayos sa gusali, pag-memerkado, mga gamit-kasangkapan at ang iba pang mga gastos pang-negosyo. Kayo'y nangangailangang idetalye ang inyong binabalak na paggagamitan ng naidulot na pautang kung kayo'y mag-aaplay sa tagapag-pautang mula sa komunidad.



SINO ANG MGA LOKAL, NAKA-TALAGA SA KOMUNIDAD NA MGA TAGAPAG-PAUTANG?

Ang dinudulot ng Flex Fund na Pang-maliitang Negosyo na tunay na naiiba ay ang network ng non-profit, mga naka-talaga sa komunidad na tagapag-pautang. Sa nakaraan na higit pa sa 40 taon, itong mga Community Development Financial Institutions (CDFIs) ay nakalaan na tulungan ang mga lokal na maliliit na negosyo at non-profit upang umunlad. Nabubuhay ang mga CDFI upang harapin ang mga natatanging pangangailangan ng mga di-gaanong nasilbihan ng mga banko na mga komunidad sa kasaysayan ng mga ito at may mga ilang taon na karanasan na nagpapahiram sa mga umuutang mula sa mga komunidad na ito.

PAPAANO KUNG KINAKAILANGAN KO NG TULONG SA APLIKASYON NG PAG-UTANG?

Sa oras ng inyong pagbisita sa SmallBusinessFlexFund.org, makokonekta kayo sa isang lokal, naka-talaga sa komunidad na tagapag-pautang na makaka-alalay sa inyo sa bawat hakbang ng aplikasyon at didirektahin din kayo sa mga karagdagan pang mga sumusuportang serbisyo.

ANO ANG TAGAL NG PAGBABAYAD NITONG PAUTANG? 60-BUWAN NA TAGAL

Para sa mga pang-profit na mga negosyo: 4.00% nakapakong interes
Mga non-profit: 3.00% nakapakong interes

KINAKAILANGAN KO BA NG KOLATERAL?

Walang takdang kinakailangan na kolateral upang maging kwalipikado --- hindi ninyo kinakailangan na magkaroon ng akses sa anumang partikular na lupain o kagamitan. Samantala, isang sakop na una o pangalawang lien ay maaaring ituring sa mga asset ng negosyo, na nasa diskresyon ng pinamulang nag-pautang. Personal na garantiya ay kinakailangan para sa mga indibidwal na may-ari ng 20% o higit pa sa negosyo.

GARANTISADO BA AKO NA MAAPRUBAHAN PARA SA PAUTANG KUNG AKO'Y KWALIPIKADO NA MAG-APLAY?

Depende sa dami ng bilang ng mga aplikasyon, posible na hindi lahat ng mga aplikante ay makakatanggap ng pautang. Susuriin ang mga aplikasyon base sa dami. Dagdag pa rito, lahat ng mga pautang ay masasailalim sa pagsusuring underwriting at pag-aaprubang gawa ng mga kalahok na taga-pagpautang mula sa komunidad, na siyang may responsibilidad sa kanilang mga sariling disisyon batay sa credit. Mangyaring pansinin lamang na ito'y hindi isang pag-aalok o isang pangakong pagpapa-utang. Lahat ng mga rate at tagal ng pagbabayad sa utang ay maaaring magbago.

KINAKAILANGAN BA NA ANG AKING NEGOSYO AY NAKA-BASE SA WASHINGTON UPANG MAKA-APLAY?

Oo, ang punong-tanggapan o headquarter ay kinakailangang natatagpuan sa Washington.

ANG FLEX FUND NA PANG-MALIITANG NEGOSYO AY MAAARI BANG MAPATAWAD?

Ito'y hindi isang mapapatawad na pautang. Ang Flex Fund na Pang-maliitang Negosyo ay hind kaugnay sa pederal na programang Paycheck Protection Program (PPP) o sa anumang ibang programang pagpapautang ng SBA. Ang mga humihiram sa Flex Fund na Pang-maliitang Negosyo ay babayaran ang buong halaga ng inutang, sa kanilang aprubadong halaga ng interes --- sa pagitan ng 3% at 4% sa tinagal ng 60-buwan.

ANO ANG MANGYAYARI KUNG DI AKO NAKAPAGBAYAD NG ISANG TAKDANG BAYARIN?

Kung hindi kayo nakapag-bayad ng pautang sa takdang oras, maaaring pagbayaran kayo ng late fee sa diskresyon ng naka-talaga sa komunidad na tagapagpa-utang. Ang hindi pagbabayad ay maaaring magresulta sa pag-dedeklara na ang pautang ay nagka-sala. Sa pag-proseso ng aplikasyon sa pautang, paguusapan ninyo ng naka-talaga sa komunidad na tagapag-pautang ang buong katagalan ng inyong inutang upang matiyak na inyong naunawaan ang mga detalye tungkol sa huling pagbabayad at sa pagkakasalang ito.

ANO ANG MGA URI NG NEGOSYO NA HINDI KWALIPIKADO SA ISANG PAUTANG?

Ang mga Negosyo na HINDI kwalipikado, nguni't hindi limitado sa mga sumusunod:

Mga prankisang pag-mamay-ari ng korporasyon

Mga branch ng mga banko

Mga tindahan ng pautang para sa mga pa-swelduhan

Mga tindahang-sanglaan

Astrolohiya, paghuhula

Mga tindahan-aklatan pang-may edad, mga strip club

Mga pasilidad na pang-track waging

Ang mga negosyo sa paggamit ng Cannabis, ang mga negosyo na nakikilahok sa mga aktibidad na pinagbabawal ng batas-pederal o mga nararapat na batas sa hurisdiksyon ng kung saan natatagpuan ang negosyo.

Ang anumang mga negosyong nabangkarote o nasa receivership

WHAT CAN I DO TO GET STARTED?
Visit SmallBusinessFlexFund.org





ANONG MGA IMPORMASYON ANG KINAKAILANGAN UPANG MAKAPAG-APLAY?

Bilang bahagi ng inyong pag-aaplika sa pangkalahatang pautang, kinakailangan ninyong magpakita ng mga dokumento sa inyong tagapag-pautang sa komunidad.

Ang pinaka-huling nai-file na tax return, kung ito'y mayroon o kinakailangan makita ng tagapag-pautang.

Mga pahayag mula sa banko at/o anumang mga naisagawa ng negosyo na internal na pahayag-pinansiyal

Mga impormasyon tungkol sa (mga) may-ari ng negosyo na nag-mamay-ari ng higit sa 20% sa Negosyo, pati na ang pangalan, adres, SSN, EIN or ITIN, numero ng telepono, email, porsiyento ng pag-mamay-ari, at ID na may litrato.

Ang Nakumpletong Attestation Form (na ipagkakaloob ng tagapag-pautang sa komunidad)

Maikasing paliwanag tungkol sa epekto ng COVID-19 sa inyong negosyo o organisasyon

Ebidensiya ng legal na pagbubuo ng negosyo o ng katauhan ng nonprofit (hal. Mga artikulo ng inkorporasyon at ang mga alitutuning panloob)

Garantiyang personal (para sa mga negosyo lamang)

Ang iba pang mga dokumentasyon na kinakailangan ng tagapag-pautang sa komunidad sa panahon ng o matapos ang pag-aaplika

Ang isang kalahok na tagapag-pautang sa komunidad ay tatawag sa inyo upang kolektahin ang mga kinakailangang mga dokumento, magsagawa ng mga credit check, at gawing pinal ang palakad ng pag-aaplika.

KUMONEKTA SA INYONG LOKAL NA TAGAPAG-PAUTANG NA NAKATALAGA SA KOMUNIDAD, SA ARAW NA ITO!

SMALLBUSINESSFLEXFUND.ORG

